

# BIBLE STUDY

Mga Awit 78:1-8

**July 23 - 29**

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON



# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY

Mga Awit 78:1-8



# PAGTUKLAS

# PAG-UNAWA

# PAGTUGON

# Mga Awit 78:1–8

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Isang Maskil ni Asaf.

1 Kayo ngayon ay makinig sa turo ko, mga anak,
inyong dinggi't ulinigin, salita kong binibigkas.
2 Itong aking sasabihin ay bagay na talinghaga,
nangyari pa noong una, kaya ito'y mahiwaga.
3 Ito'y aming narinig na, kaya naman aming alam,
nagbuhat sa aming nuno na sa ami'y isinaysay.

# Mga Awit 78:1-8

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

4 Sa sarili naming anak ito'y hindi ililihim,
ito'y aming isasaysay sa sunod na lahi namin;
mga gawang tinutukoy ay lubhang kahanga-hanga
na si Yahweh ang gumanap, mga gawa niyang dakila.

5 Mayro'n siyang patotoo na kay Jacob itinatag,
mayro'n siyang kautusang sa Israel iniatas;
ang utos sa ating nuno, dapat nilang ipatupad,
ituturong lagi ito, sa kanilang mga anak.

# Mga Awit 78:1-8

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

6 Sa lahat ng lahi nila ito'y dapat na iaral,
at ang angkang susunod pa ay marapat na turuan.
7 Sa ganito, masusunod nilang lagi yaong utos,
ang matatag na pag-asa'y ilalagak nila sa Diyos,
at ang dakila niyang gawa'y hindi nila malilimot.
8 Sa kanilang mga nuno, hindi dapat na pumaris,
na matigas ang damdaming sa Diyos ay naghimagsik;
isang lahing di marunong magtiwala at magtiis,
ang pag-asa ay marupok at kulang ang pananalig.




"Ituturo ko sa aking mga anak at apo ang mga katotohanan tungkol sa Diyos; at ikukuwento ko sa kanila ang kanyang mga kahanga-hangang mga gawa upang makilala, mahalin, at sumunod sila sa Kanya."



# PAGTUKLAS 1

Mga Awit 78:1-8

Ano ang sinabi ng mang-aawit na Asaf sa vv. 1-4?



# PAGTUKLAS 2

Mga Awit 78:1-8

Sa v. 2b-3, ano ang ipinangako ng Diyos sa lahat ng mga susunod sa Kanyang mga kautusan?



# PAGTUKLAS 3

Mga Awit 78:1-8

Bakit mahalaga na maipasa ang mga kautusan ng Diyos sa mga kabataan?

# PAG-UNAWA 1

Mga Awit 78:1-8



Bakit idiniin ni Asaf ang kapangyarihan ng pagkukuwento sa ating mga anak at apo tungkol sa mga dakilang ginawa ng Diyos sa ating mga buhay? Ano ang kaibahan nito?

# PAG-UNAWA 2

Mga Awit 78:1-8



Ang kahalagahan ng pagtuturo sa ating mga anak at apo na sundin ang Diyos upang maiwasan nilang gawin ang mga kasalanan ng kanilang mga ninuno ay binigyang diin din sa talata.  Ano ang ating matututunan sa karanasan ng bayan ng Israel?

# PAGTUGON 1

Mga Awit 78:1-8

Anu-ano ang inyong mga kuwento tungkol sa Diyos at mga ginagawa Niya sa iyong buhay?  Alalahanin ang mga iyon at isulat.  Kung ikaw ay mayroong 'journal,' basahin ito ng may pasasalamat sa mga ginawa ng Diyos sa iyong buhay.





# PAGTUGON 2

Mga Awit 78:1-8

Paano mo isasalaysay sa iyong mga anak at apo ang iyong mga kuwento upang makikila, mahalin, at sundin nila ang Diyos sa pamamagitan ng iyong patotoo? Ibahagi mo ito sa iyong grupo.



# PAGTUGON 3

Mga Awit 78:1-8

Kung ikaw ay walang mga anak o apo, paano ka makikibahagi sa pagpapalaki ng susunod na henerasyon ng mga tagasunod ni Kristo?






"Ituturo ko sa aking mga anak at apo ang mga katotohanan tungkol sa Diyos; at ikukuwento ko sa kanila ang kanyang mga kahanga-hangang mga gawa upang makilala, mahalin, at sumunod sila sa Kanya."

# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY

Mga Awit 78:1-8



PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

# BIBLE STUDY

Mga Awit 78:1-8

**SEE YOU NEXT WEEK**

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON



# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584